

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagsulat ng Tamang Pang-ukol

Kakayahan: Naisusulat ang tamang pang-ukol na bubuo sa diwa ng pangugusap

Isulat sa patlang ang tamang pang-ukol upang mabuo ang pangungusap.

1. Ang kalikasan ay kailangang pangalagaan _____ susunod na mga henerasyon.
2. _____ G. Abelardo, matutuloy ang pagtatanghal ng programa _____ Biyernes.
3. Isinulat niya ang tulang ito _____ Amelia, ang kanyang kasintahan.
4. Darating ang *provincial bus* _____ Dagupan ngayong tanghali. Nakasakay doon si Nanay at sasalubungin natin siya.
5. Walang masasabi ang mga kritiko _____ G. Valdez dahil malinis ang kanyang pagkatao.
6. _____ pagbisita ng Santo Papa ang pinagkakaabalahan ng mga Pilipinong arsobispo.
7. Pumayag si Ramil sa kasunduan _____ pag-aalinlangan dahil malaki ang tiwala niya kay Greg.
8. Tumakbo _____ pinakamalapit na pinto ang mga taong natakot sa narinig nilang mga putok ng baril.
9. Inatasan _____ Tatay si Kuya Jerome na sunduin ang mga bata _____ paaralan.
10. Ang kilusang ito ay _____ katiwaliang laganap sa ating pamahalaan ngayon.

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagsulat ng Tamang Pang-ukol (Mga Sagot)

Kakayahan: Naisusulat ang tamang pang-ukol na bubuo sa diwa ng pangugusap

Isulat sa patlang ang tamang pang-ukol upang mabuo ang pangungusap.

1. Ang kalikasan ay kailangang pangalagaan para sa susunod na mga henerasyon.
2. Ayon kay G. Abelardo, matutuloy ang pagtatanghal ng programa sa Biyernes.
3. Isinulat niya ang tulang ito para kay Amelia, ang kanyang kasintahan.
4. Darating ang *provincial bus* mula sa Dagupan ngayong tanghali. Nakasakay doon si Nanay at sasalubungin natin siya.
5. Walang masasabi ang mga kritiko laban kay G. Valdez dahil malinis ang kanyang pagkatao.
6. Tungkol sa/Ukol sa/Hinggil sa pagbisita ng Santo Papa ang pinagkakaabalahan ng mga Pilipinong arsobispo.
7. Pumayag si Ramil sa kasunduan nang walang pag-aalinlangan dahil malaki ang tiwala niya kay Greg.
8. Tumakbo tungo sa pinakamalapit na pinto ang mga taong natakot sa narinig nilang mga putok ng baril.
9. Inatasan ni Tatay si Kuya Jerome na sunduin ang mga bata mula sa paaralan.
10. Ang kilusang ito ay laban sa katiwaliang laganap sa ating pamahalaan ngayon.